MGA GABI NG PAG-AABANG

ROWAN C. VELONTA



panimula

Ganito yata kapag kulang sa tulog at alipin ng ibang *time zone*.

Wala kasing patunguhan, anuman ang gustong simulan, dahil disoriented ang sistema ng katawan. Hindi na yata ako nasanay. Hanggang ngayon kasi'y wala akong maisip na matinong panimula para sa aking mga gawa.

Mga Gabi ng Pag-aabang.

Para yatang pokpok *poems*.

Pero hindi naman.

Wala lang talaga akong mapiling ibang pamagat para sa koleksyong ito ng ilang mga tulang naisulat ko mula sa huling bahagi ng 2003 at kalagitnaan ng taong ito. Nagkataon pa naman kasing palaging may gabi, palaging may pag-aabang, palaging may hinihintay na kung ano sa 'king mga tula. Bibihira nga ang maliwanag na tagpo kundi'y mga kaganapang kalimitan ay madilim na may ambang pagbuhos ng ulan, parang laging may babagsak na langit, parang walang anomang sayang magagagap sa mga garalgal na taludtod.

Bagaman may mga tulang sadyang personal, karamiha'y bunga pa rin ng kakulitan, kwento ng kaibigan at hinanakit ng kung sino, minsan sa kung saan o kung kailan. Gusto ko

pang magseryoso. Totoo. Marami pa akong gustong tulain – mula sa pinakapayak na paglapag sa papag ng binunot kong patay na buhok hanggang sa madugong pagtungkab sa langib sa nagsusugat na tuhod at hanggang sa matamang pagsuri sa pamamahalang nabubulok at pagsunog sa inuuod na mga diyos. Pero minsan ayaw sumipa ng libog upang mailabas ang kinikimkim ng loob at maianak ang dapat pang maianak. Kaya kahit anong pilit kong kalasan ang tema ng pagmamahal at pagkabigo, ng paglimot at pag-aabang , ano't bumabalik pa rin dito ang mga salitang ibinukod.

Ilan sa mga tulang bahagi ng koleksyong ito ay lumabas na sa *Philippine Panorama Magazine, Tinig.com, Dalityapi Unpoemed, INQ7.net, Muse Apprentice Guild, Emanila.com, Kilometer64 chapbooks, Peyups.com, at T-Bloc Poetry Digest*.

Para sa ilang nagtitiyagang basahin ako, para sa inyo ito.

rowan
15 Agosto 2005
Makati City

nilalaman

1. paraiso 6
2. ngayong gabi 8
3. huling love poem 9
4. espresso 10
5. at ngayong gabi ko bubunutin ang mga tinik 11
6. short time 13
7. hibik sa langit 15
8. panatiko 16
9. sa paanan ng dambana 17
10. flaming sword 18
11. kumpisal ng paglaya 19
12. salubsob 21
13. pagkalas 22
14. hintay 24
15. laya 26
16. nakalalasing ang pag-iisa 28
17. sa pulubi sa may guadalupe 30
18. pananahan 31
19. ganito tayo 32
20. iwas/iwan 33
21. limos 34
22. gutom 35
23. oblak 36
24. sa pulang kahon 38
25. pagbubuklod 39
26. pagsuko: huling yugto ng paghihintay 40
27. himlay 41
28. babang-luksa 42
29. - 43
30. bago ang pagpapatiwakal 44
31. lung center 45
32. minsan 46
33. nai cha 47
34. lagi't lagi ka naming naaalala 48
35. pag-aabang 49
36. tisyu 51
37. paghilom 52
38. isang gabing walang pangalan 53
39. nakaw 54
40. sa glorietta 55
41. sa iyo 56
42. wala munang bukas 57
43. ikaw 58
44. miyerkules 59
45. kalungkutan sa caylabne 60
46. souvenir 61
47. tulog 63

paraiso

Wala raw langit sa lupa
Ngunit heto ako sa paraiso ng mga takas-
Sa dakong ito na di kayang
Tawirin kahit ng galang mata,
Na may pangakong kikitil sa pangamba,
Maglulunod sa init ng pandama
At magtataboy sa lungkot
Ng tinipong pangungulila.

Sa gandang nakaumang
Sa kurbada ng iyong labi
Hindi ko mapahihindian
Ang ngiti ng mga bato
Sa kumikinang na pisngi
Ng iyong puting buhanginan,
Nagpapagaan sa mga bagaheng
Tangan-tangan kong matagal.
Sumisikad din ang lamig
Sa pagsipol ng hanging Marso
Na yumayapos sa kaibuturan ng laman.
A, ang alon, sumasayaw sa
Bughaw na tubigan at kumikiliti
Sa talampakang sawi
Sa paggalugad sa katahimikan,
Na ang lamig ay kuryeteng
Sadyang nakapagpapanariwa.

Wala na ang mga galyon sa latian
Pinalitan na ng mga bangkang nagtatawid
Ng mga katawang nais maglunoy sa kalayaan.
Paraiso na ngayon ang bungang-alamat,
Banlawan nga ng yamot at pagdaramdam.
Paraisong bukas-palad na kumukupkop, nagpapangiti
Sa ilang araw na pagtakas sa kulimlim ng reyalidad.

05 Marso 2004
Puerto Galera

ngayong gabi

walang romantikong baliw
ang tatanggi sa ganitong tagpo:
may tanod na buwan
at nakakalat ang isang batalyong bituin
na sumumpang magbibigay-dingas
sa dakong ito ng dalampasigang pusikit
at palilibutan ang sinomang nilalang
na dito'y napadpad
kukwintasan ka pa ng batong iba't-iba
ang hugis at kulay.

ang gabing tulad nito
ang pinakahihintay nga ng puso mong
nais na magbagong-bihis-
napaka-akmang pagkakataon
upang hubarin ang gasang
umampat sa dugo
at nagtiyagang tumuyo sa sugat.

malakas ang salpok ng alon
sa mga tipak ng batong malalapad.
umuungol sa pagsang-ayon.
at naniwala ka
ngayon nga ang takdang sandali
ng muling pagtibok,
ang paggising sa pamamahinga
at pagpapaanod ng mga alaala
sa maalat na tubig.
ngayong gabi, maaangkin mong muli
higit pa ang dagat.

04 Marso 2004
Puerto Galera

huling love poem

(para kay L)

Hindi na ako magsusulat ng love poems para sa iyo, Mahal
Iiwanan kong blanko ang dibdib ng papel-
hindi ko na pakakawalan
ang mga talinghaga sa bibig
itatali ko ang kamay
kung tatangkain mang dukwangin ang lapis
na daluyan ng dugong matamis

Hindi na ako magsusulat ng love poems para sa iyo, Mahal
Iiwanan kong blanko ang dibdib ng papel-
ng wala kang mabasa
kahit isa mang marka ng pagsuyo
walang baduy na linya na uupos sa iyo sa hiya
walang inasukalang tagpuan sa ilalim ng buwan
walang rosas, tsokolate o maalab na halik
walang sumpaaan o yakap ng pananabik

Hindi na ako magsusulat ng love poems para sa iyo, Mahal.
Iiwanan kong blanko ang dibdib ng papel
Hanggang sa lamukusin mo at tuluyang ibasura itong puso.

26 Enero 2004
Batangas City

espresso

Binali ko
ang sariling pangako
Na di na iinom
ng kape
Lalo na kapag ganitong
malamig ang gabi
at katapusan pa ng buwan.
Dahil magneto
ang aroma ng espresso
na hinihigop ang nakaraan.
Hindi ako
patutulugin hanggang
mga mata'y mamaga
sa pagdaramdam.

31 Enero 2004
Seattle's Best, MegaStrip

at ngayong gabi ko bubunutin ang mga tinik

Hinintay ko ang gabing ito
higit sa ibang mga gabing nagdaan.
Ngayon ko bubunutin ang mga tinik
na kinipkip ng may pagtitiis.

Mamaya matapos nating pagsaluhan ang
labindalawang-buwang galit-bati,
maingat kong lilisanin ang higaan,
iiwasan ang anomang paglangitngit
baka ikaw'y maalimpungatan.
At kapag dahan-dahang humuhulagpos
ang iyong kamay sa pagkapit sa aking bisig
at ang mahigpit na pagyakap ay unti-unting
kumakalas sa aking dibdib,
pati ang pagdantay ng iyong manipis na binti
sa aking binting sakang ay nangawit,
maayos kong ilalagay ang kumot
sa iyong katawang pinagnanasaan ng lamok.
Kapag wala ka ng malay
at tumimbre na ang hilik
ipauubaya na muna kitang ligawan ng panaginip.
At lalabas ako.

Dahil ngayong gabi ko bubunutin ang mga tinik
habang hindi mo namamalayan.
Ayokong makita ang reaksyong
maaaring idikta ng iyong mukha
habang lumuluha akong tinatangal ito nang mag-isa

sa aking pagkatao;
ayokong panoorin mo ako
habang tinutuyo ang mga dugo
sa mga nakangangang sugat na tumagos na pala sa kalooban.
Tama na na ang dilim
ang manitiling saksi sa lahat -
siya na hindi ko pinaglihiman kahit minsan
siya na nagkubli ng lahat kong pasan
siya na umunuwa sa ilang ulit kong pagkadapa.

Ngunit, papaano nga pala kung sa pagbabalik ko sa higaan
at pagsiping muli sa iyo sa iisang kumot
ay makanti mo ang mga sariwang sugat
sa bigla mong pag-unat at di ko mapigilang umaray?
Paano ko sasagutin ang iyong pagtataka sa inindang sakit?
Madadaan ko kaya sa masiil na halik
ang sunud-sunod mong mga tanong?
At kung mautal naman kaya ako sa pagsagot,
paniniwalaan mo pa ba ang mga dahilang ibubuka ng labi
o dapat kong asahan ang pait ng iyong titig
na panibagong tinik na babaon sa aking dibdib?

5 Pebrero 2004
Batangas City

short time

Pawisan at nanginginig ang mga palad
ng sakalin ng kamay ang manibela.
Tila naghahabulan ang mga kabayong uhaw
ng Sta. Ana sa dibdib mo
habang tarantang binabagtas ng hinete
ang kumikipot na daang paliko.
Sayang ang oras, kailangang magmadali.
Halos di mo maramdaman ang tinodong
aircon ng kotse lalo na kapag
dumadausdos ang mga palad niya
at naglalandi ang malambot na daliri
mula sa malapad mong hita
patungo sa pundya ng humahapit mong pantalon.
Sa mga nakaw na sulyapan,
naglalaro na sa isip ang mga malalagkit na eksenang
bubuksan ng langit mayamaya lang.
Halos di ka na makapaghintay na lantakan
ang biyayang nakalaan ngayong gabi.

Sa bungad ng hawla
bago kayo salubungin ng
dalawang botelya ng mineral water
na pamatid-inis sa masikip na trapiko,
binulabog ka naman ng busina ng pulang kotse sa likuran.
Nangungulit. Nang-aasar ba. Hindi mo alam.
Sino kaya yun?!

At sa loob, ilang sandali pa
naririnig mo pa rin ang pangungulit ng busina
kahit sa garalgal na timpla ng piped-in music.
May mga pamilyar na mga matang
iniluluwa ang mga salamin ng dingding at ng kisame
na ang mga titig sa maharot na seremonya
ng inyong magkahinang na katawan
ay tumatagos naman sa iyong patriyarkang balat.

Bigla'y nilagot nang pangamba ang
sunud-sunod na salida.
Humupa ang kinikimkim na init.
Napailing ka.
Walang lasa.

22 Pebrero 2004
Batangas City

hibik sa langit

Lupaypay ang templo kong
dinelubyo ng pighati.
Sa siwang nga ng langit
ay ihulog naman ang mga tablang
pinagbayubayan ng panaghoy.
Aabangan ko ngayon ang pagbagsak nito
na hindi kukurap man lamang
at sasaluhin ng dalawang kamay
ang biyaya nang may buong kapanabikan.
Maaanong ipagkaloob maging
mga pakong minsa'y tumagos
sa lamang walang bahid kasalanan –
pampatibay sa tulos na gumiray
sa ngitngit ng agos.
Pagkat ngayon, kailanga'y matatag na suhay
bago tumilaok ang ikatlong araw
ng takdang paghusgang daratal.

23 Pebrero 2004
Batangas City

panatiko

May karisma ang bilog
sa kanyang mapupungay na mga mata,
hinihigop ang iyong tuhod pahalik sa banig,
tatalunin ang ngawit ng pagdipa
kapalit ang hinihintay na pagbagsak ng birheng luha.

Ilang talulot ng binasbasang rosas
ang kukuyumin sa palad
kapag isinaboy na sa hangin
upang masugpo ang pag-aanak ng lungkot?
Isa, tatlo o lima?
Ilang puting panyo ang padaraanin sa
maamong mukha't hapis na pisngi
na papawi sa mga sumpong
ng namimintig na binti?
Paano ang tamang pagtangis
kapag sumulpot ang mga pangitain sa bayabasan
at gulantangin ng kanyang luhang dugo ang mga nakalimot
na haplusin ang kanyang sayang banal?

Pudpod na ang mga daliring binubuno ang asin
sa kaning pinataba ng tubig.
Bakbak na ang balat ng nahuhukot na likod
sa penitensyang hindi matapos-tapos.
Nauupos ang oras na walang liwanag
na mahagilap sa mga kandilang sinindihan.
Ngunit sasapuhin pa rin ang krusipiho sa dibdib.
Itutulak ng dila ang awit ng hinagpis
at muli'y papailanglang ang mga dasal
na di naman makaabot sa langit.

26 Pebrero 2004
Batangas City

sa paanan ng dambana

Sa animo'y basilikang
Iluluwal ng Samat
Anomang oras mula ngayon,
Ang matayog na krus ay
Walang kurap sa pagtitig, nagmamalaki
Sa bawat tumingala.
May mga ulyaning
Nag-aantanda sa tuwinang
Maaaninag ng kinukulabang
Mata ang dambana- naisip wari'y relikyang
Kumakatawan sa dakilang gunita
Na dadasalan kapag
Nagbabadya ang masama.
Ngunit lingid sa kanila,
Sa pag-usad ng gabi
May mga paang walang kapaguran
Sa pagmamartsa - paroo't parito.
Mga kaluluwa't langong lamang sumasayaw sa
Tiyempo ng sipol, usok at hiyaw
Mga buhay na pinagtatagpo ng
Baliw at panglaw
Na inihahataw, ibinubuwis ang dangal
Sa di man kakilala.
Sa paanan ng dambanang
Binanal nang panahon,
May iba pa palang madugong tagpong
Dungis din sa kasaysayan
Na di kayang hilamusin ng malamig na tubig
Ng talon ng Dunsulan.

11 Pebrero 2004
Batangas City

flaming sword

May mandirigmang nakahimlay sa
Pilar. Walang pangalan. O hindi lang
pinangalanan ng nakaraan. (Tiyak namang
si Lapu-Lapu ay di taga-Bataan)
Walang apoy ang espadang tangan,
na kuyom ng matigas na kamay.

Pasukdol pa sa langit-langitan ng
pangarap at pag-asa ang espadang
walang talim. Tinulos ng wala sa wisyo
sa gitna ng kalsadang babad sa alimuon,
panukat yata sa luha't ihi ng maghapon.
Baka naman panakot sa mga dadamba

sa haligi ng munisipyo. Sabi'y
tanda raw itong tumatalunton sa dambana sa
may kalayuan. Huwag lang sanang pasmahin
ang kamay ng mandirigma, mangawit kaya
at espada'y tuluyang mabitiwan.

12 Pebrero 2004
Batangas City

kumpisal ng paglaya

Pagkapatay mo ng kandila kagabi
tumakas ako. Lumabas,
nakipagniig sa dilim.
Sumanib ako sa kulay niyang
tumalo sa aking karupukan.
Saksi ang ilang matandang bituin
sa pag-unat ng baluktot kong ugat
at sa paghalinghing ko
hanggang sa tumirik ang mga mata sa galak;
Hindi ko alintana ang tawag mo.
Bakit ako makikinig?
Ngayon lang ako magtataksil—
dapat bingi ako
at di dapat magpapigil.

Mas nakahuhumaling nga
ang halik ng hangin.
Iba ang kiliting dulot
sa bawat himaymay ng aking laman.
Napabalikwas tuloy
ang tulog kong kaluluwa
na di man lang nagising
sa mga sinunog mong kamanyang.
Laos ang alam mong ritwal
ng pagsasanib,
walang binatbat sa dasal mo
o sa yong salmo
na di makapagpatindig
ng kahit isang balahibo.
Iba siya, ibang-iba nga sa iyo-

walang kondisyon ang pagmamahal,
walang bakod ang kaligayahan,
walang utos ng kapaimbabawan.
Bakit nga ba ako nagtiis sa iyong
sagradong santuaryo
gayong maluwang ang pintuan palabas,
gayong ang mga bintana'y bukas?

A, tama, bukas muli,
sa paghimlay ng araw sa kanyang puntod
pagkatapos kong tumiwalag sa pag-ibig mo
nakadipa kong sasalubungin
ang kapangyarihan ng dilim.
Hahayaan kong magpista siya
sa aking kahubdan
sa muli naming pagsisiping.
At ako nama'y magpakabaliw
sa pagsamba sa kanya hanggang
sa tuluyan ng magpatiwakal at mabuhay
sa tawag ng paglaya.

2003
Mariveles, Bataan

salubsob

At sa pagitan
Ng iyong mga buntong hininga
Uusal ka ng iyong bulol na orasyon
Saliw sa tugtog ng kabog
Ng iyong minamasong dibdib.
At kapag buong layang ibinuka ang labing tikom
Mag-uunahang magsitakas
Mapapait na gunitang ikinulong.
At saka dadaloy
At dadaloy na mainam
Luhang naipon sa matang hapo
Na pilit umaamot ng pag-asa
Sa akalang maibsan ng pagtangis
Ang sakit ng salang
Sa laman tumarak
Sa kaluluwa'y sumiksik.

At sa pagtutuos -
Buhay ay kapos
Kahit sa sanlibong
Pagtitika.

2003
Mariveles, Bataan

pagkalas

pagal na ang dahon.
bugbog na sa halik ng bruskong hangin
at labis-labis na
ang karinyong nagpalinsad
sa mahiyaing buto
sa di mabilang
na makapugtong-hiningang
indayog kahit nagdaramot
ang bagyo.

ayaw ng magpatirapa pa sa araw
at diyosin ang hambog niyang init
na sumaid
sa damdaming bukal noon
ng kadalisayan.
maibabalik pa ba ang
kalinisang taglay
kung natustang maiigi sa
mala-hurnong pagmamahal?

pagod na ang dahon
tuyot na rin
ang dagtang
makulit na nagpapagkit
sa kahapon at ngayon,
at sa marami-rami ring
pagtatangkang kalasan
ang sanga kahit wala sa panahon.

nawika:
pagbibigti nga sa sarili ang katumbas
kung maghihintay pa
sa pagdating ng taglagas.

30 Setyembre 2003
Makati City

hintay

kapag tutuldukan na ng takip-silim
ang isang maghapon kong paghihintay
sa pagdating mo
di ko kayang pigilan ang pagbuhos ng ulan;
hinahayaan ko na lang na lunurin nito
ang lumalabo kong salamin
upang kahit sandali'y madiligan
ang mga natuyong oras na wala ka

at habang pahigpit nang pahigpit
ang pagyakap ng dilim,
lalo kong nadarama ang lungkot ng
pag-iisa-
nasanay kasi ako sa tabi mo
sinanay mo akong kasama ka
sa pag-abang sa pagpikit ng bituin
at hanggang pagpula ng buwan;
at bigla'y magpaparamdam ang mga
alaala na tumatakas sa mga litratong
katabi ko magdamag
at palalamigin kahit ang maalinsangang gabi
di naman papayag ang puso kong
sunugin ang mga alaala mo
upang tupukin lang ang lamig
na nadarama ko;

dahil hanggang ngayon binubuo ko pa rin
ang anino mo sa kalayuan

pilit pinapalapit sa 'king mga mata;
dahil hanggang ngayon dinudungaw ko pa rin
ang bintana sa kahit anomang kaluskos na marinig
dahil baka ikaw na 'yon
sosorpresahin ako
bubungad ng nakangiti;
dahil hanggang ngayon hindi ko
pa rin natututuhan ang paglimot
o kung may paglimot nga ba akong dapat matutuhan

at kung darating ka pa,
di man ngayon o bukas kaya
o sa mga araw at gabing kaya ko pang bilangin
na kaya kong abangan na may pag-asa
sana'y wakasan mo ng maganda
ang paghihintay ko -
kahit alam kong ako lang lagi ang tumutupad
sa mga pangako
maghihintay pa rin ako sa 'yo ng may pananabik.

2003
Mariveles, Bataan

laya

At gusto kong bugbugin
ang langit
baka sakaling
magtampo, magalit,
mapoot, dumilim;
ngunit mas malakas siya
sa Diyos kaysa sa akin
dahil ngayon puting-puti ang paligid
tumitingkad pa habang papalapit ka
sa kanya

At habang pinagmamasdan
ko ang paglakad mo
at nabibingi naman sa awit ng pag-ibig
ng mga anghel
unti-unting nagsitakas ang
mga alaala mo sa dibdib ko,
may panghihinyang na iniwan
ang kaluluwa kong minsa'y
asawa ng mga pangarap mo

At sa paglayo mo

sa mga mata ko
patungo sa bukas niyang kamay,
hindi na kita kayang abutin pa
o itakas sa mahigpit niyang hawak
dahil kung aagawin man kita,
hindi siya papayag
ikaw din, tiyak lalaban
dahil pinatay mo na ako
kahit alam mong
buhay akong babalik sa iyo.

At sa pagtunog ng kampana
kasabay ng pagbagsak ng huling luha ko
para sa 'yo…
malaya ka na.

2003
Mariveles, Bataan

nakalalasing ang pag-iisa

Isang lagok.
Dalawa.
At marami pang isa;
Katagay ko ang sarili habang walang patid
sa paghithit-buga ng sama ng loob.
Pinapula pa ni Stephen Bishop
ang tenga ko ng sumundot siya ng “Separate Lives”.
At sa bawat straight shot
ay lasang-lasa pa rin ng dila
ang tapang ng katotohanan
kahit sabihing may chaser pa;
ramdam kong gumuguhit sa lalamunan
ang init ng mga tagpong nag-iwan ng puwang
sa pagitan natin-
binabaybay na may halong pambubuska
ang bawat pinong ugat
na pasukdol sa puso.
Maya-maya’y sasanib na ang espiritu ng kapanglawan,
lalanguin ang balisang isip
hanggang sa maging tipsy
pati lahat ng kalamnan ng katawan
at tuluyang sumuka
at magkalat ng hinagpis sa unan.

Nakalalasing din pala ang pag-iisa
lalo’t ako at ako rin ang tumatagay
at tinatagayan ng alak ng nakaraan.
Makakailang round pa kaya ako nito
gayong di ko naman matantiya kung ilang case pa ba
ng mapapait na gunita
ang ihahatag sa aking mesa
na dapat kong itumba gabi-gabi?
Problema pa rin nga ang hang-over sa umaga
na di naman kayang ikubli kahit ng aking coloured contact lens.

01 Disyembre 2003
Batangas City

sa pulubi sa may guadalupe

'Yong inilahad
sala-salabat
na mga kawad
sa iyong palad:

Naniing libag.
Sakiting ugat.
Gaspang na balat.
Kinalyong galak.

Ay, sadyang alat,
supling ng hirap.
Barya ba'y lunas,
pantawid malas?

07 Setyembre 2003
Guadalupe, Makati City

pananahan

Nagluluwal ng alaala ang buwang ito
nang inawit ko ang unang iyak
na pumuno sa tahimik mong silid.
Ito ang panimula ng lahat–
ang pagbibigay kulay sa inulilang buhay
na pinauusad lamang ng pangarap
at ng mga panaginip na hinabing maingat
sa mga gabing kinaiinipan mo ang aking paglabas.

Naghahasik ng alaala ang buwang ito
nang bigla'y umalis sa kandungan mo
ang nagmamatigas kong buto at nagmamarunong na isip
sa paghahanap ng sarili sa mga sulok ng mundo -
sa mga taong walang pinapanginoon,
sa mga lugar na walang batas,
sa mga daang liko't lubak na binagtas
ng suwail na mga paa na tanging dulot nama'y
maitim na kasaysayan sa mga bitak ng talampakan.

Nagsasaboy ng alalala ang buwang ito
nang magbalik ako sa iyong sinapupunan.
Ang salubong mong ngiti at mga luhang umapaw
sa kinulabang paningin ay matamis na hudyat
sa muli mong pagtanggap.
Sa pagwalay ko sa iyo'y may madamdamin kang sumbat -
isang piging ng mainit na yakap.

Ginugunita kong lagi ang buwang ito
nang minsang dumating at nawalay
at nanahang tuluyan sa piling mo.

02 Hunyo 2004
Makati City

ganito tayo

Sinanay na natin ang isa't isa
Na ganito:
Nakakulong sa loob ng kahong
Tayong dalawa lamang ang laman
Na tanging ang hininga mo
At hininga ko
Ang nakauunawa sa kasuluksulukan
Ng ating kaakuhan.
Dahil sa loob walang patlang
Ng kalungkutang hindi kayang mapunan.
At sa paggising ng araw
Pinaghihiwalay tayo ng init ng sinag
Nitong humuhulas sa ating pagkakahinang.
Dahil sa ating paglabas
Doon wala tayong imikan
Na tila mga kaluluwang hindi magkakilala
Walang ngiting pagbabanggain
Kung magkukrus man ang daan.
Walang dapat makitang bahid
Ng nangyari kagabi.

Ganito nga tayo hinulma -
Dapat walang mantsa
Dahil kasalanan ang madungisan,
Dahil kasalanan ang marumihan.
Sa mata ng mundong ginagalawan
Walang katwiran ang pag-ibig mo
Walang katwiran ang pag-ibig ko.

21 Hunyo 2004
Makati City

iwas/iwan

kay r v

kahapon
may pangako ka pang
bukas
susubukan nating pagsipingin ang mga panag-
impan ngunit
ngayon
mag-isang sinusuyo ang usok ng sigarilyong
tumatabang sa siklo ng pag-aabang.

03 Nobyembre 2004
Makati City

limos

Napahinto ka
Sa mag-asawang pulubi.
Kabisado ang tipa, makinis ang pagkanta:
“Mahal kita maging sino ka man…”

Kumawala ang tulong mo
Hinulugan
Ang latang naghihintay sa
Kalansing ng barya.

Sa paglayo ay maiisip
Higit pa pala sila
Sa iyo na ang puso’y
Nanlilimos, nag-iisa.

03 Disyembre 2004
Makati City

gutom

Walang puwang ang kaselanan
sa tiyang kumakalam,
walang sakit na katatakutang
dadapo sa katawan:
Inihaw na isaw –
bituka para sa bituka.
Nilutong dugo, buo-buo.
Nangitim na tuhog ng laman
Pati adidas kakalahig, dadampian
lalamunang sanay sa kaliskis ng tuyo,
tuluy-tuloy sa nakaabang na gilingan.

28 Agosto 2004
Makati City

oblak

Sa loob-loob mo:
Kailan nga ba nagsinungaling
Ang maraming salaming natitigan mo na
Kung lahat ay nagkakaisa
Sa paghusga tuwinang masisilayan
Ang iyong bumbunan?

Napapailing ka na lamang
Sa nayayamot na suklay
Kapag kinakalaykay nito
Ang numinipis ng mga hiblang
Alaga pa rin sa langis
Para sa suwabeng paghagod
Sa nakasanayang hawi.

Napapabuntong-hininga ka
Kapag nasasalat ng palad
Ang pasulpot na buwan sa katanghalian.
Hayan na!
Tila may bantang paghahari-harian,
Makikipagtuos yata sa araw!

Ngayon sabihin, lumapit sa tenga, bumulong:
Anong silbi mayroon ang matikas na tindig
O ng malalim na biloy sa magkabilang pisngi?
May dulot pa bang pang-akit
Ang mga matang singkit?
May dating pa kaya ang matangos na ilong
Sa takaw-pansining pamana ng ulirang ama?

Malamig ang matalim na gunting
Na sumayad sa nakaabang na anit.
Ngingiti-ngiti ang paborito mong barbero.
Tinapik ka: Bossing, ang dami mong problema.
Hindi lang naman patubuan ng buhok
Ang ulo nyo, hindi ba?

14 Setyembre 2004
Las Piñas City

sa pulang kahon

minsan tinitipon nila
ang mga lungkot
pinalalamig sa
kahon -
doon susugpuin
ang problema
ng kanta at
ng malulutong
na tawang
inimpit sa
namimigat na
maghapon,
nililibang ng usok
ang nagtutunggaling
isip at lakas;
minsan, kinakahon
ang lungkot
kung di naman
kayang tuluyang malimot
kahit sa pagtulog

13 Mayo 2004
Redbox, Greenbelt 3, Makati city

pagbubuklod

at nagtagpo tayo
sa mga patlang,
sa mga pagitan
ng pag-asam sa
pagmamahal;
at saka doon tayo
nagpasimulang
paglapitin
ang mga pusong
pupuno sa puwang;
at magsasanib nga
ang dugo sa dugo,
maglalapat ang
laman sa laman
kapag itinali na
ang mga pusong
sa pag-ibig uhaw,
hibang.

05 Mayo 2004
Limay, Bataan

pagsuko: huling yugto ng paghihintay

sumisiksik sa mga talukap ng ulap ang bawat salita
binubulabog ang kalawakan ng kamalayan

sa pagdulog ng pananangis
sa paghiling sa mga diyos-

diyosang magsugo ng manunubos sa sansinukob
na kukupkop sa bumubundat na inip,

ano't manlilinlang ang isang libong libang
hanggang ang mga kulay magtalik –

ang puti sa pula sa itim, sa salu-
salong walang patid. paulit-ulit. inulit-ulit.

sa basbas ng dilim, ang lahat-
lahat mo ay sumuko nang palihim.

[mula sa pintang Surrender ni Jenny Mamaril]

14 Disyembre 2004
Makati City

himlay

Magdalamhati ka kaya
Kapag ako'y ikahon na
At tabingan ng salamin?
May papatak kayang luha
Na magbubukas sa pikit kong mata
O may hagulgol na daraan sa pandinig
Na magpapabalikwas sa aking pagkakatulog?
At kapag inihatid ng prusisyon sa puntod
Sa hinukay mong silid na masikip
Anong bulaklak ang ipababaon mo
Na sisimsimin hanggang langit?
A, lahat nga'y di ko na mamamalayan
Sa paghimlay
Kapag ang katawa'y sumiping na sa alabok
Ang pagsasaya mo
O pagluluksa man
Hindi makapagsasala ng kasalanan.

2 Nobyembre 2004
Makati city

babang-luksa

Nang masilayan ko ang
nakaukit na pangalan
sa pinid mo pa ring pinto
lumambong na muli ang dilim.
Uulan.
Uulan.

Ngunit wala na akong dalang panyo.

2 Nobyembre 2004
Makati City

-

ito ang lumulusaw sa iyong pangambang
maaring magtali sa iyo sa akin nang habambuhay.
ito ang balitang gustong gusto mong marinig
sa bigla kong pananahimik nang ilang gabi;
dahil ito lang naman kasi ang muli't muling
nagpapabalik sa iyo sa piling ko
matapos ang walang kapagurang pagpapatunay
na mahal kitang talaga.
mahal.
na mahal
na mahal
kita;mamaya lang tiyak
narito ka na naman
papasukin ako sa aking silid,
yayakaping mahigpit.
paaalipin.
at sa iyo'y maririnig, paulit-ulit,
hindi naman talaga kita iiwan.

27 Setyembre 2004
Makati City

bago ang pagpapatiwakal

i.

Kumawala ka sa
Dibdib ng palad ko.

ii.

Kumawala ako
Sa hawlang ginawa mo.

iii.

Ito ang kaganapang
Pinakahihintay ng mundo.

31 Disyembre 2004
Makati City

lung center

ito ang pulungan
ng usok
na hindi maibuga
sa mga sulok
ng giniginaw
na palapag.
ang tagpuan
ng sabik
ng kaba
ng inip
ng lungkot
ng malas
ng inis.
espasyong
dumirinig
sa alingasngas
sa bungisngis
sa tamis ng tawa't
tagumpay.
saksing kumukupkop
sa mga pagbulong
ng inindang
sakit at pait
na dulot ng
pamamanginoon.

2 Agosto 2004
RCBC Plaza, Makati City

[lung center – courtyard sa RCBC Plaza na paboritong smoking area ng mga call center employees]

minsan

sinisipat lang natin ang uwang
sa hindi lumapat-lapat na pintuan.
hinahayaang maglabas-masok
ang magkahalong liwanag at hangin
sa naglalarong dilim ng silid.
minsan kinapananabikan natin
ang sariling maglambitin
sa mga agiw ng nakaraan
na walang inaalaalang kasalukuyan.

23 Enero 2005
Makati City

nai cha

Ganito magsama
Ang mga alaala –
Sa buo-buong yelo
Hahalik ang gatas
Sa nanlalaban na tsa;
Lalamigin ang baso
Ng naungkat na tampo
Tapos magpapawis ng malagkit
At matamis na inis

03 Marso 2005
Chowking, Times, Las Piñas City

lagi’t lagi ka naming naaalala

Walang saglit na di mo kami naipakisuyo
sa itaas – maging matibay,
sa pagsubok, tumatag.
Lagi’t lagi ka naming naaalala
lalo’t bumabalong ang banta.
Buti’t alingawngaw kang banayad
na sumusugpong sa pananatili -
tulad nga ng iyong mga panalangin
tuwinang tayo’y nagsasama-sama
na hanggang ngayo’y
dumadampi sa bawat pandama;
Ganyan mo nga kami kung ihabilin sa Diyos:
buong kapaumbabaan, buong puso,
gaya ng iyong pananampalatayang buong-buo
lubos na lubos.

[sa alaala ni Moises Canlas, Sr. | Hulyo 14, 1914-March 06, 2004]

05 Marso 2005
Makati City

pag-aabang

At lumalakas pa
ang pagyanig
sa magkabilang-
dulo ng lupalop.
Takdang pangangambala
sa mga handang piging sa dilim.
Tinitiyak nang bawat
paggalaw ng lupa
ang paggising
sa mga kaluluwang tumalikod,
sumuway, lumimot;
Ngunit saang singit,
saang sulok kaya sila
dadalhin ng kanilang mga litong paa?
Kaninong kanlungan magpapakupkop
ang bumabalumbong lungkot?
Saang dambana ididipa ang pangamba
at idudulog ang kanilang takot?

At lumalakas naman
ang pag-aawitan
sa dakong ito ng daigdig-
Pinupuno ng pag-asa
ang bawat mahagilap na puwang
sa mga pusong umaasam
sa muling pagbubukas ng langit.
Totoong may katiyakan ang lahat-

lahat sa likod ng mga pahayag,
katulad din na may wakas
ang matiyagang pag-aabang
at may tamis ang bunga ng pagpapagal;
Dahil kailanman
walang pangakong nabali,
walang pangakong napawi
sa tipang inukit sa mga tapyas ng bato.
Masdan: Iluluwal din ng alapaap
ang pinakahinihintay na kaluwalhatian.

07 Enero 2005
Las Piñas City

tisyu

Gusto kong lusawin
ang lahat-lahat mong gunita –
unti-unti ngunit
banayad ngunit
marubdob.
Pilasin ang bawat
rekwerdo ng pag-ibig
kahit pa sa huling
pagpahid ng luha
tulad ng tsang nakatanghod
sa ating mga elihiya na tumatabang
sa pagnanasang malagok
may masasala pa ring pait,
may kahapong mababaklas,
may tagpong mapupunit.

27 Hunyo 2005
North Park, Glorietta 2, Makati City

paghilom

Nagsusumbong ang baraha
kapag binalasa't
inihatag sa mesa:
May pilat ang nakaraan,
pilas-pilas na pahinang
tila pinagtampuhan.
Ganito raw ang gamot
sa balisang kinikipkip,
sa di mapakaling lungkot
sa sumisidhing kirot -
Isara ang kahapon.
Gumulong-gulong
kahit laban sa daloy.
At madarama
kahit ng kaluluwa
ang sariling paghilom.

*matapos basahin ni Neal ang sinasabi (raw) ng aking baraha

30 Abril 2005
Makati City

isang gabing walang pangalan

hindi mo alam
inibig kita ngayong gabi
habang nagdedeliryo ang uniberso
at ang mga elemento ng lungkot at pagkakaiba
ay hindi rin makapagtitiyak sa kung anong nadarama.
inibig nga kita
mula puyo hanggang paa,
sa bawat butil ng iyong pawis sa likod,
sa bawat kislap sa iyong mga mata.
inibig kita ngayong gabi
kahit alam kong kapwa tayo gigising
na wala na ang isa't-isa.

30 Mayo 2005
Parañaque City

nakaw

Papasukin kita
ng aking isip
habang wala kang malay.

Ako ang panginoong
magtatakda ngayon
ng iyong kapalaran.

Sasalungatin ko ang gabi.
Hahatiin hanggang huling
himaymay.

Pupulandit ang iyong
iyak
na babasag sa katahimikan.

At matutulog akong
nagtagumpay.

30 Hunyo 2005
Makati City

sa glorietta

tingi lang ang panahon ninyo
hablot sa relong nagmamadali.
pangalan lang ang maaaring
isukli sa tanong
at ngiting hindi maingiti
ang maipananakaw ng sandali
(dahil di madaling humulagpos
ang nakaraan – nagpapasamid,
humihigit pa rin sa lalamunan)

17 Hunyo 2005
Makati City

sa iyo

Hindi mo alam
kung paanong sumusugat sa laman
ang iyong pangalan.
kung paanong sumusugat sa laman
ang salitang walang hanggan
kung paanong sumusugat sa laman
ang 'yong mga 'mahal kita'.
Hindi mo alam.
Hindi mo malalaman.

21 Abril 2005
Makati City

wala munang bukas

And though the world would
Never understand
This unlikely union
And why it still stands
Someday we will be set free
Pray and believe
--You'll be safe here, Rivermaya

Halughugin natin ang isa't-isa
sa bawat saglit na magkasama,
timbang-timbangin ang lahat--
ang sakit na itinatarak ng tawa,
ang layo ng pagkakalayo,
ang lapit ng pagkakalapit,
ang init ng paglalapat ng mga palad.
Wala munang pangako
hanggang may taling di napapatid,
wala munang pangarap
na hahabiin sa ilalim ng langit;
dahil gaya ng dati
alam nating wala pang bukas
na pinto para sa atin.
Dahil ngayon, wala munang bukas
at ang lahat ng para bukas
ay para lamang muna sa atin,
sa ninakaw nating ngayon.

para kina M at D

20 Abril 2005
Makati City

ikaw

May bumubulong sa akin
na huwag kong kainipan
ang paghihintay sa iyo
kahit humahangos man
ang lahat sa kanilang patutunguhan.
Huwag hatakin ang kamay ng orasan
o piliting pagsipingin ang araw
at buwan upang ipagtali lamang
ang dulo't dulo ng mga pising naiwan.
Dahil ikaw na darating
na walang kaluskos
wari'y hanging dadampi sa balat,
hahagod sa pinakaloob,
dadaloy…dadaloy
at tutubos sa kaluluwa kong
unti-unting nauupos…

28 Abril 2005
Makati City

miyerkules

Gitgitan ngayon
Di tulad ng ibang mga araw.
Siko sa siko ang laban
Makahaplos lamang ng himalang
Magtatapos sa inubang panata;
Mababulabog pati kisame ng langit
Sa mga buhul-buhol na dasal
Magigising pati mga kaluluwang ligaw
Sa mga kandilang itinirik,
Sa inalay na insenso't kamanyang.

Sa loob, siksikan ang umaasam
Sa pagdungaw ng diyos.
Ngunit sa labas, bulong ng mga pulubi:
Dito mas maraming panginoong
Gagamot sa lunos.

*minsang nakiusyoso sa simbahan ng Baclaran.

10 Hunyo 2005
Baclaran,Parañaque City

kalungkutan sa caylabne

Habang ang karamiha'y abalang
nagtitipon ng saya sa kanilang sisidlan
ano't sinasakmal ako ngayon
ng lungkot. Di lang isang
dipang kalungkutan ngunit
tila sinlawak ng lugar na ito
na di ko matiyak ang dulo't
dulo. Paanong paaanurin sa
alon ang bigat ng loob
at matitiyak na hindi na muling
magbabalik pa sa pampang
ang hinanakit? Nais kong
tuluyang iwan kita rito.
Ipaampon sa mga lilim ng limot,
ipakubli sa bawat lupi ng
dahon ng mga punong malalabay
na sanay na ngang mag-aruga
ng pananambitan. O kung
maari nama'y ipagsama na lang
sa paglakbay ng yate at ibaon sa mga
lihim na lagusan ng nalulumabay na
Corregidor, bulukin din ng kasaysayan.
Dahil kung bibitbitin kita pag-uwi,
mamatay muli ang oras at hihinto ang paghinga --

ang lungkot pa naman wala ngang kinikilalang
diyos kahit ilang ulit kang manikluhod
at manangis kaya ng taos.

03 Hulyo 2005
Caylabne Bay Resort, Ternate, Cavite

souvenir

Hindi lahat ng mga alaala'y
dapat ihulog sa balon
ng paglimot.
Hindi lahat ay dapat ngang
ilibing, abuhin
at ipakisuyo sa hangin
na itaboy sa malayo
na di na kaya pang mahagip
ng paningin.

Ikaw sa akin
ay alaalang
dapat hingahan sa bibig,
kalungin sa bisig
at buhayin sa himig
ng walang alinlangang pag-ibig.
Ikaw ang siyang dapat
tutunghayan ng mata sa mata
di palalampasin
ang bawat pagkibot o paghinga.
Pagkat ikaw ang bakas
ng kahapong di ko pinagsisisihan.
Pag-asa kang muling
kumukulay sa
namutla kong balat,
nagpapaluwag sa
taling bumigti sa
matatamis na pangarap,
lakas ngang umuupod
sa mga tinik
na bumaon sa laman
sa minsang pagkabagsak.

Sa lahat ng pabaon
ng kahapong paglalakbay,
ikaw ang pinakamarilag -
espesyal na debuhong
bukod tangi sa lahat.
Dahil alaala kang sumusugpo
sa kalungkutang nagtatangkang
bumalik-balik kahit sa panaginip;
Dahil alaala kang
kapintig nitong puso,
kapusod ng pangarap,
oyayi ng litong isip.

**para sa unang anak ni Grace*

07 Setyembre 2003
Guadalupe, Makati City

tulog

Humalo na sa dugo ko ang gatas na ininom ko kanina
ngunit hanggang ngayo'y di pa rin ako hatakin ng antok
kahit anong lamig pa ang dala ng gabing sinumpong ng ulan.
Bakit ikaw itinumba mo ang matapang na kape
pero hayan at malayang namamaluktot
yakap ang matigas na unan
at minsa'y pabiling-biling pa sa nilamutak na kutson.
Sa lumalalim mong pagtulog
habang hinuhukay ko mag-isa ang gabing iyon
nakabibingi ang hagok ng iyong paghilik -
hudyat na nagtagumpay ka na naman
at narating ang panaginip.
Mag-isa ka na namang nakapaglakbay
sa mga pangarap na dapat tayong dalawa ang aabot.
Nangako naman akong sasamahan kita kahit saan
ngunit bakit hanggang sa panaginip
di mo ako kayang pagtiwalaan.
Iniwan mo na naman akong nakatunganga
naghihintay sa pagbabalik ng iyong ulirat, nag-aabang
na sana'y bigla kang maalimpungatan
at makita mong gising pa pala ako sa tabi mo
na tila kuwagong nakamasid sa iyong payapang paghimlay.
Heto ako at matiyagang hinihintay
na kahit pakunwari, kahit pasinghal pa,
oo, kahit walang anomang halong lambing
marinig man lamang sa iyo: tulog na tayo.

2003 Mariveles, Bataan

ang may akda

Si Rowan Canlas Velonta, 26, ay taga-Limay, Bataan. Nagtapos ng kurso sa Pamamahalang Pangkalakal at kasalukuyang hinahabol ang mailap na kapalaran sa kagubatan ng Makati. Trip pa rin niyang mag-kape at kumain ng chicharon (yung maraming laman) kahit bawal. Naging writing fellow sa 2004 Iyas (La Salle) Creative Writing Workshop sa Bacolod City. Nangangarap siyang makapagsulat ng kantang balang araw ay sisikat.



Pumipintig ang puso ng lungsod sa mga taludtod at tumutulay sa pagitan ng surreal at real ang mga talinghaga. Sa 'Mga Gabi ng Pag-aabang' itinula ni Rowan Velonta ang pasyon at ragasa ng kape sa pulso ng gunitang malapot, mapaghintay at hindi nagmamadali.

--Jose Jason L. Chancoco

Una kong nakilala si Rowan sa Tinig.Com dahil sa tula niyang 'Kumpisal ng Paglaya'. Bumalikwas ako nang una kong mabasa ang tulang 'yon, kako, palaban, umaaklas, nag-iiwan ng bakas sa gunita ang kanyang mga talinghaga. Aliw na aliw ako sa karakter na nilikha niya sa persona ng tula. Kako, ito ang babaeng kahahangaan ko nang lubos. Nang magkaroon ng pagkakataon na magkapalitan kami ng email, nalaman kong lalaki pala si Rowan.

--Jun Lisondra